
# PRAYMER SA SAPILITANG PAGLIKAS SA LOOB NG PILIPINAS



Inilathala ng

BALAY

Balay Rehabilitation Center

Inilimbag sa tulong ng

Oxfam

Oxfam-GB

Inilathala ng:

**Balay Rehabilitation Center**
No. 25 Maalindog Street
UP Village, Diliman
Quezon City, Philippines

Telefax: (632) 9216301/4263825

Email: balay@tri-isys.com
balayadvocacy@tri-isys.com

Website: www.balayph.org

Unang Edisyon 2006
Ikalawang Paglilimbag Abril 2008

Inilimbag sa tulong ng:
OXFAM-GB

# PRAYMER SA SAPILITANG PAGLIKAS SA LOOB NG PILIPINAS

**ANG PAGKASIRA** ng buhay ng mga tao, pamilya, at komunidad sanhi ng armadong labanan at marahas na pagpapatupad ng mga proyektong pangkaunlaran ay lumilikha ng sugat sa isipan at damdamin ng mga apektado. Ang pangangalaga sa mga tao na napilitang umalis sa kanilang mga tahanan at pamayanan dahil sa militarisasyon, malawakang paglabag sa karapataang pantao at iba pang kaganapan na nakasisira sa pangkaraniwang daloy ng buhay-komunidad ay isa sa mga mahalagang hamon sa mga tagapagtaguyod ng karapatang pantao sa Pilipinas sa kasalukuyan.

Ang paglikas ng mga tao sa loob ng isang bansa ay kadalasang may katumbas na pinsala sa mga apektadong pamilya at pamayanan, lalo na para sa mga bata at kababaihan, at iba pang disbentahang bahagi ng lipunan. Ang sapilitang paglikas ay nag-aalis sa mga apektadong Pilipino ng kanilang pagkakataon na makinabang sa kanilang lupain at hanap-buhay. Ito ay nagkakait sa kanila ng masisilungan at seguridad, at sumisira sa kanilang karapatang mamuhay ng mapayapa at tamasahin ang kanilang karapatang maging maunlad. Ang kalagayang ito ay kadalasan nang nagdudulot ng kabigatang sikolohikal at sosyal na kung hindi maagapan ay maaaring magbunga ng mas malalim na pagkabagabag sa pag-iisip at damdamin. Sa mga bansa kung saan ang sapilitang paglikas ay isang paulit-ulit na pangyayari, ito ay nagpapa-iral ng poot at mga alitan na nag-uugat sa pagkakait ng hustisya at respeto sa dignidad ng tao.

Naniniwala ang BALAY na ang usapin ng sapilitang paglikas ng tao sa loob ng Pilipinas ay dapat na seryosong harapin ng mga pinuno ng estado. Ito ay upang mapangalagaan at maitaguyod ang karapatan ng mga taong napilitang lumikas sa loob ng bansa o *internally displaced persons (IDPs)*. Nais natin na sa hinaharap, ay maiwasan, kundiman ay tuluyan ng mawala, ang mga kundisyon sa lipunan na nagiging sanhi nito.



Layunin ng panimulang babasahing ito ang tawagin ang atensiyon ng mga mambabasa na kilalanin at ituring ang mga IDPs hindi bilang mga *"collateral damage"* lamang sa isang armadong labanan, sa halip ay kilalanin sila bilang mga taong may angking dignidad, kaparatan, at kakayanan. Nais din ng praymer na ito na ipakilala ang isang Balangkas para sa Pambansang Responsibilidad na binubuo ng mga hakbang na maaaring isakatuparan ng mga pambansang awtoridad at iba pang pangunahing tauhan, kasama ang mga institusyon para sa karapatang pantao, upang matugunan ang kanilang atas na mapangalagaan at maitaguyod ang karapatan ng mga IDPs.

Ang mga tagapagtaguyod ng karapatang pantao, mga tagapag-handog ng tulong sa tao, mga manggagawa ng kapayapaan, at ang mga apektadong komunidad mismo ay mayroon ding papel upang maitaguyod ang karapatan at dignidad ng mga IDPs. At habang tayo ay magkakatuwang na kumikilos para sa makatarungang kapayapaan sa ating bansa, iniaalay ng BALAY ang Praymer sa Sapilitang Paglikas ng Tao sa Loob ng Pilipinas bilang maliit nitong kontribusyon. Umaasa kami na ang praymer na ito ay makatutulong sa pagpapalaganap ng iba pang mga babasahin hinggil sa usaping ito. At sa hinaharap, sana ay ating makamtan ang isang bansang wala nang mga bakwit; isang bansang tunay na tahanan ng kanyang mga mamamayan.

**Loreine B. Dela Cruz**

*Executive Director*

# PASASALAMAT

**ANG PRAYMER** na ito ay humalaw ng inspirasyon mula mismo sa mga taong sapilitang lumikas sa iba't ibang panig ng bansa, na kung saan ang kanilang natatanging kalagayan, pangangailangan, at karapatan ay kinikilala at isinasalarawan ng *United Nations Guiding Principles on Internal Displacement (UNGPID)* at ng *Handbook for Applying the Guiding Principles on Internal Displacement.* Nais naming ipaalam na marami sa mga impormasyong nasa praymer na ito ang nanggaling sa dalawang babasahing nabanggit.

Nagpapasalamat din kami sa mga mamamayan ng Pikit, North Cotabato at sa iba pang pamayanang aming pinaglingkuran sa Lamitan sa Basilan, Mati sa Davao Oriental, Bianan at Aflek sa T'boli, South Cotabato, Apopong sa General Santos City at Towerville sa San Jose, Bulacan. Pinatunayan ng pakikipagtulungan namin sa kanila na ang pagpapalaganap ng kapayapaan at pagtataguyod ng karapatang pantao sa antas komunidad ay makabuluhan at epektibo.

Sa iba pang kapanalig na samahang pangkarapatang pantao, maraming salamat sa pakikipaglakbay sa amin sa mahirap na landas ng pagpapalaganap ng karapatan ng mga IDPs sa Pilipinas, at sa walang kapagurang pagsisikap na maiwasan, kundiman ay tuluyan ng mawala, ang mga dahilang sosyo-ekonomiko at pulitikal na nagtutulak sa mga mamamayan na lumikas sa kanilang tahanan at pamayanan.



# Nilalaman


1 Ang Sapilitang Paglikas ng mga Tao sa Pilipinas

8 Mga Karaniwang Dahilan ng Panloob na paglikas

11 Ang mga Obligasyon ng Estado at mga Karapatan ng IDPs

14 Ang mga Rekomendasyon ng *UN Representative on Internally Displaced Persons*

17 Balangkas para sa Pambansang Responsibilidad

22 Ang *UN Guiding Principles on Internal Displacement* (UNGPID)

- 22 Pangkalahatang Prinsipyo
- 24 Proteksyon Laban sa Pwersahang Paglikas
- 28 Proteksyon sa Panahon ng Paglilikas
- 38 Makataong Tulong
- 40 Pagbabalik, Paglilipat at Pakikisalamuha

*LUBHANG NAPAKALINAW na bangga't hindi natatagpuan ang mga pamamaraan upang mapigilan ang pagkakait, o tuwirang paglabag, sa karapatang pantao, bangga't walang matuwid na pagbababaginan ng kayamanan ng mundo, bigit pang pagtitimpi at pagpaparaya, ang pagkakaloob sa sinuman na may kabit anong labi, relibiyon, kasapian sa isang partikular na grupong panlipunan o partido pulitikal, nang karapatang mapabilang — o di kaya ay kumilos sa isang pamamaraan para makahanap ng trabaho, disenteng kundisyon ng pamumuhay at kalayaan sa labanan — ang mundo ay mananatili na magkakaroon ng suliranin sa maramibang paglikas ng tao. Ang problemang ito, kung bindi malulutas, ay patuloy na magsisilbing banta sa kapayapaan at katatagan sa buong mundo."*

Ulat ng
UN High Commissioner
for Refugees sa
Ika-38 Sesyon ng
UN Commission
on Human Rights





# Ano ang Sapilitang Paglikas sa Loob ng Bansa?

**ANG PANLOOB** na paglikas ay tumutukoy sa hindi boluntaryong paglikas ng mga tao sa loob ng isang bansa. Ito ay umiiral kapag ang isang tao, pamilya, o komunidad ay napilitang umalis sa lugar kung saan sila naninirahan, o kaya ay napwersang iwanan ang kanilang mga bukirin at ibang lugar kung saan sila kumukuha ng kanilang ikinabubuhay.

Ang mga taong ito na napilitang lumikas na tinatawag ding *internally displaced persons (IDPs)* o "bakwit" sa maraming lugar sa Pilipinas ay nagtutungo sa ibang lugar sa loob ng bansa lamang, at hindi nagpupunta sa ibayong dagat. Ginagawa nila ito upang makaiwas sa kapahamakan, kaguluhan o panunupil na dulot o resulta ng aramadong labanan, malawakang pag-iral ng kaguluhan, paglabag sa karapatang pantao, demolisyon, pagkasira ng kapaligiran, o dahil sa tinatawag na proyektong pangkaunlaran na nagtataboy sa mga tao at pamilya mula sa kanilang tirahan at pamayanan.

Ang panloob na sapilitang paglikas ay nagaganap din dahil sa mga natural na kalamidad na wala na sa kontrol ng mga tao. Ang mga halimbawa nito ay bagyo, baha, pagsabog ng bulkan, o lindol.

Maaari rin namang ang kumbinasyon ng trahedyang gawa ng tao at kalamidad na dala ng sakunang sanhi ng kalikasan ay magtaboy sa mga tao. Halimbawa nito ay ang pagtindi ng mga baha kung tag-ulan dahil sa walang humpay na pagtotroso o pagmimina, at ang iresponsableng pagtatapon ng mga basura sa mga daanan ng tubig.

Ang Pilipinas ang tinuturing na pang-apat sa mga bansa sa Timog Silangang Asya na may pinakamaraming bilang ng tao na naitaboy ng militarisasyon at armadong labanan sa panig ng pamahalaan at mga grupong rebelde. Ayon sa ulat ng *US Committee on Refugees* noong 1999, sumusunod ang Pilipinas sa mga bansang Burma, Indonesia at East Timor sa dami ng mga IDPs.

## Sino ang mga Taong Napilitang Lumikas sa Loob ng Bansa o IDPs?

**AYON SA UNITED NATIONS** *Guiding Principles on Internal Dispacement* (UNGPID), ang mga IDPs ay "mga tao o grupo ng tao na napilitan o naobliga na umalis o lumikas mula sa kanilang tahanan o lugar na kanilang palagiang tirahan, bunga nang, o upang makaiwas sa, mga epekto ng armadong tunggalian, mga kalagayan ng pangkalahatang kaguluhan, mga paglabag sa karapatang pantao o mga sakunang kagagawan ng tao o dulot ng natural na kadahilanan, at sila ay hindi tumawid sa isang kinikilalang internasyunal na hangganan ng isang estado."

Ang mga taong boluntaryong lumipat mula sa isang lugar patungo sa ibang destinasyon sa loob ng kanilang bansa upang mapaunlad ang kanilang kabuhayan, o upang makamit ang kanilang inaasam na katayuang panlipunan, o upang maisakatuparan ang pangangailangan ng kanilang kultura ay hindi kabilang sa mga pangkat ng mga tao na maituturing na napilitang lumikas sa loob ng bansa.



> **Ang mga** taong naitaboy o napilitang iwanan ang kanilang mga tahanan dahil sa digmaan, paglabag sa karapatang pantao, at iba pang dahilang dulot ng kalamidad o sakuna na gawa ng tao o kalikasan ay ang mga pangkat ng tao na tinutukoy sa *UN Guiding Principles.*

Sa halip, ang mga taong naitaboy o napilitang iwanan ang kanilang mga tahanan dahil sa digmaan, paglabag sa karapatang pantao, at iba pang dahilang dulot ng kalamidad o sakuna na gawa ng tao o kalikasan ay ang mga pangkat ng tao na tinutukoy sa *UN Guiding Principles.*

Kabilang rin dito ang mga taong lumikas dahil sa paglabag sa kanilang karapatang pang-ekonomiya, panlipunan at pang-kultura. Halimbawa nito ay ang ilang karanasan ng mga katutubong mamamayang kung saan sila ay itinaboy upang makapasok sa kanilang lupain ang mga dayuhang negosyo at mga tinatawag na "proyektong pangkaunlaran" na hindi naman sila ang nakinabang.

Binigyang diin ng *United Nations High Commissioner for Refugees* (UNHCR) na ang mga IDPs ay hindi *refugees.* Sa halip, sila "ay mga taong napilitang lumikas mula sa kanilang mga tahanan subalit nananatili sa loob ng teritoryo ng



kanilang bansa." Sila ay hindi tumatawid sa hangganan ng kanilang bansa upang makarating sa ibang bansa o estado kung saan sila maaaring maprotektahan at mabigyan ng tulong na kinakailangan.

Ayon sa UN, ang kataguriang *refugees* ay tumutukoy sa mga "tao na dahil sa panlabas na agresyon, pananakop, dayuhang dominasyon, o mga pangyayaring nagdudulot ng matinding panlipunang kaguluhan sa isang bahagi o sa kabuuan ng kanyang bansang pinaggalingan, ay napilitang umalis sa kanyang palagiang tirahan upang maghanap ng makakanlungan sa ibang lugar *sa labas ng kanyang bansang pinanggalingan.*"

Kaya naman, ang mga tao na napilitang lumikas sa loob ng kanilang bansa o IDP ay hindi binibigyan ng natatanging pagkilalang legal sa ilalim ng *International Refugee Law*. Ganunpaman, sila ay tinuturing na may natatanging pangangailangan dahil sa kanilang kalagayan. At ayon sa *UN Guiding Principles on Internal Displacement*, ang mga awtoridad ng isang bansa ay may obligasyong ipagkaloob o bigyang atensiyon ang kanilang karapatan.

## Sino ang Kadalasang Apektado ng Sapilitang Paglikas?

**ANG MGA PAMILYANG** Pilipino na nagsilikas ay karamihan mula sa mga kanayunan at bulubun-duking lugar. Sa mga sentrong bayan o kalun-suran naman, ang madalas na maitaboy ay yaong mga kabilang sa sektor ng maralitang tagalungsod. Sila na nakagawian ng tawaging *squatters* ay madalas na mahahagip ng demolisyon.

Sa kasalukuyan, ang pinakamalaking bilang ng mga IDPs ay mula sa mamamayang Moro tulad ng Maguindanaoan, Maranaw, Iranun, Tausug, Kalibugan at Kalagan. Ang iba ay mula sa mga pangkat ng Lumad na tulad ng B'laan, T'boli, Higaoonon, Subanen, Manobo at Teduray. Marami ring mga Kristiyanong naninirahan sa





Mindanao ay naaapektuhan ng labanan sa panig ng tropa ng pamahalaan at mga rebelde. Ang ilang insidente ng terorismo na isinasagawa ng ilang armadong grupo at ang marahas na tugon ng pamahalaan ay nagdudulot din ng sapilitang paglikas ng mga sibilyan.

Samantala, marami-rami na ring komunidad ng mga Mangyan sa Mindoro at sibilyang magsasaka sa Silangan Bisaya at iba pang parte ng Luzon ang naapektuhan din ng mga operasyong militar laban sa *New People's Army* (NPA). Maging ang ilang grupo ng mga katutubong mamayan sa rehiyon ng Cordillera ay sinaklot din ng mga kabanata ng paglikas na bunga ng militarisasyon, alitan ng mga tribo, at pagpasok ng mga tinatawag na proyektong pangkaunlaran sa kanilang mga lupain.

Sa isang pag-aaral ng *Citizens Disaster Response Center* (CDRC) noong 1993, napuna nila na mahigit sa kalahati ng bilang ng mga IDPs na biktima ng armadong labanan ay mga bata (HR Forum, 1993). Sa isang pag-aaral na ginawa ng Balay noong 2003, tinatayang apat sa bawat sampung tao sa mga *evacuation centers* sa Pikit noong taong iyon ay mga bata.

Sa mga sentrong lungsod, ang kadalasang apektado ay yaong mga kabilang sa mahihirap na pamilya na nakatira sa mga lupa na iba ang nagmamay-ari. Hindi iilan sa kanila ay mula sa mga pamilya ng magsasaka na lumisan sa kanayunan upang mapalayo sa kahirapan at armadong labanan. Hangad nila ay trabaho at mabuting buhay sa siyudad, subalit hindi sila nakahanap ng mabuting hanapbuhay. Sila ay kadalasang naninirahan sa mga lugar na malapit sa kanilang pinagkakakitaan tulad ng piyer, pabrika, pamilihan, at purok-komersiyal. Ang ilan ay nakatira sa tabi ng estero, ilalim ng tulay, at riles ng tren. Marami sa kanila ay naglilingkod bilang tsuper,

kargador, manininda, taga-hugas, karpintero at iba pang trabaho na maliit lang ang kita.

## Mga Anyo ng Paglikas ng mga IDPs

**ANG MGA IDPs** ay kadalasang lumilikas mula sa mga lugar sa kanayunan patungo sa mga sentro ng bayan o lungsod. Marami sa kanila ay naitaboy mula sa kanilang mga bukirin o mula sa lupain ng kanilang mga ninuno. Sila ay umaalis para makaiwas sa kaguluhang umiiral mula sa kanilang mga lugar papunta sa mga pook kung saan sila ay malayo sa kapahamakan.



Kadalasan na sila ay nakakahanap ng masisilungan sa mga simbahan, plaza, gusali ng paaralan, gusali ng pamahalaan, at iba pang pook kanlungan o *evacuation centers*. Ang iba ay nagsisipagtago sa pusod ng kagubatan kung saan inaakala nilang sila ay ligtas. Mayroon din namang nakikipanuluyan sa kanilang mga kamag-anak sa ibang lugar.

Ang mga maralitang naitataboy naman sa mga lungsod o sentrong bayan ay karaniwan nang nagpapalaboy-laboy o umiikot-ikot lamang sa kapaligiran ng siyudad o bayan. Sila ay muling nagtatayo ng kanilang mga barong-barong sa gilid ng daanan, sa tabi ng ilog o estero, sa paligid ng bundok ng basura, o di kaya ay katabi ng mga riles ng tren.

## Mga Uri ng Paglikas

**MAY TINATAWAG** na pansamantalang paglikas, paulit-ulit na paglikas, at matagalang paglikas. Nangyayari ang pansamantalang paglikas kung ang mga IDPs ay naitataboy mula sa kanilang palagiang pamayanan patungo sa ibang lugar sa loob ng maiksing panahon lamang. At sa panunumbalik ng normal na kalagayan, sila ay muling bumabalik sa kanilang mga tirahan at bukirin upang ipagpatuloy ang regular na takbo ng kanilang buhay.

**Nangyayari** ang pansamantalang paglikas kung ang mga IDPs ay naitataboy mula sa kanilang palagiang pamayanan patungo sa ibang lugar sa loob ng maiksing panahon lamang. At sa panunumbalik ng normal na kalagayan, sila ay muling bumabalik sa kanilang mga tirahan at bukirin upang ipagpatuloy ang regular na takbo ng kanilang buhay.

Ang paulit-ulit na paglikas naman ay nangyayari kung ang mga IDPs ay naitataboy ng ilang beses upang maghanap ng ligtas at tahimik na lugar. Nararanasan ito ng mga komunidad na nakabalik na sa kanilang lugar subalit napipilitang umalis muli dahil sa pag-iral na naman ng kaguluhan at malawakang paglabag sa karapatang pantao. Masasaksihan ito sa mga pamayanang madalas na naiipit sa paulit-ulit na sagupaan ng mga sundalo at rebeldeng pwersa.

Ang matagalang paglikas ay tumutukoy sa sitwasyon kung saan ang mga apektadong pamilya o tao ay napipilitang magtagal ng kung ilang buwan (ang iba ay taon) sa *evacuation centers* at iba pang pansamantalang matutuluyan dahil sa nanatiling magulo ang kanilang

komunidad na pinaggalingan. Kabilang sa mga taong ito ay yung hindi makabalik dahil sa nasira na ang kanilang mga pananim o kabahayan dahil sa digmaan.

Ang isang tao o pamilya na bumabalik sa kanilang mga tahanan o bukirin sa loob ng ilang oras lamang para tingnan ang kanilang naiwang ari-arian o pananim ay nanatiling mga IDPs. Ang mga pamilya o taong nagsilikas, bagama't wala ng intensiyong bumalik pa sa dati nilang pamayanan dahil sa pangamba o kawalan ng kabuhayan ay nananatiling mga IDPs hanggat hindi sila muling nagkakaroon ng permanenteng mapaglilipatan.

Ang paglikas ay maaaring maituring na natapos na kung ang mga biktima, sa wakas, ay muling nagkaroon ng mapayapang matitirahan ng matagalan, at kung saan ang kanilang dating antas ng kabuhayan ay kanilang muling matamasa, kung hindi man ay mahigitan. Tapos na rin ang panahon ng kanilang paglikas kung ganap na nawala na ang banta sa kanilang kaligtasan at kapaligiran (ECDFC, 1998).

## Ano ang mga Karaniwang Dahilan sa Likod ng Paglikas ng mga tao sa Pilipinas?

**MALIBAN SA NATURAL** na kalamidad, ang militarisasyon at sagupaan sa pagitan ng mga sundalo ng pamahalaan at mga rebeldeng grupo ang pinakapangunahing dahilan ng paglikas ng mga tao sa loob ng Pilipinas sa kasalukuyan. Maging sa relatibong maikling panahon nang 1986-2004, 91 porsiyento ng mga probinsiya sa bansa ay naapektuhan ng mga armadong labanan na ideolohikal. Sa 21 lalawigan na may pinakamatataas na bilang ng insidente ng labanan, 15 ay matatagpuan sa Mindanao. Ito ay kadalasan sa mga lugar





kung saan ang kahirapan at diskriminasyon ay malaganap, at kung saan ang pagkakataong umunlad, mga serbisyong panlipunan, at mabuting pamamahala ay kapos.

Noong 2003, ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) ay nag-ulat na nagkaroon ng 400,000 IDPs matapos sugurin ng mga sundalo ang tinatawag na Buliok Complex ng MILF sa Cotabato at Maguindanao. Mahigit isang milyong sibilyan naman ang naapektuhan ng kampanyang "*total war*" laban sa MILF ng administrasyon ni dating Pangulong Estrada. Ang paglikas ng mga tao para makaiwas sa mortar, bomba, at bala ay nakaapekto sa karapatan ng mamamayan sa paninirahan, malayang pagkilos, at seguridad. Naapektuhan din ang kanilang karapatan sa pagkain, tahanan, edukasyon, gawaing kultural, at kagalingang sikososyal.

Noong 1986-1991 naman ay nasaksihan ang "*total war*" ng dating Pangulong Aquino laban sa NPA, kung saan tinatayang 1.2 milyong sibilyan sa buong kapuluan ang napilitang lumikas. Ang ilan sa mga malubhang pangyayari ay naganap sa Marag Valley at Apayao noong 1991-1992.

Ang mga mararahas na demolisyon ng mga maralitang komunidad sa kalunsuran ay isa pang dahilan sa mataas na bilang ng mga taong lumilikas sa loob ng bansa. Ang masugid na aksiyon

ng pamahalaan na paalisin ang mga maralita para makapagtayo ng gusali at tulay, mga establisyementong komersiyal at pook-libangan ay nagpapatuloy. Noong 2000, iniulat ng *Urban Poor Associates* (UPA) na 29 kaso ng demolisyon ang naka-apekto sa 6,000 pamilya sa Metro Manila. Ayon sa datos mula sa *Department of Public Works and Highways* (DPWH), 6,000 sambahayan ang napaalis sa tinitirahan para bigyang daan ang pagsasagawa ng proyekto kontra-baha sa apat na siyudad sa Metro Manila noong 1999-2003.

Ang pagsusulong ng pamahalaan nang planong paunlarin ang sistemang perokaril sa Luzon ay nagbabadyang makaapekto ng 70,000 pamilyang namumuhay malapit sa mga riles ng tren. Sa kasalukuyan, daan-daang pamilya sa tabing-riles sa Caloocan at Bulacan ang nailipat na ng tirahan. Marami pa ang nakatakdang ma-*demolish*.

Ang malakihang pagmimina ay nakapagtataboy din ng mga mamamayan, lalo na ng mga katutubong pamayanan na nanganganib na mapaalis sa kanilang lupang ninuno sa pagpasok ng mga dayuhang kumpanya ng pagmimina. Ang mga matagumpay na pakikibaka ng mga mamamayan sa Cordillera laban sa kumpanya ng mina at sa pagtatayo ng mga dam ay naging bahagi na ng kwento ng buhay ng mga katutubo sa rehiyon. Subalit sa ngayon, nagbabanta ang muling panganib sa pagpasok ng mga *open-pit mines* sa pahintulot ng *Philippine Mining Act.*

Sa Brgy. Canatuan, Sibutad, Zamboanga del Norte, ang mga lupain ng mga katutubong Subanen ay pinasok ng TVI Mining Corporation, isang kumpanya mula sa Canada na nagmimina ng ginto. Nagtayo ng *checkpoint* ang kumpanya na binabantayan ng mga *Special CAFGU Active Auxilliaries* (SCAA). Dahil dito ang malayang paglabas at pagpasok ng mga Subanen sa kanilang pamayanan ay nasasagkaan.

Malaki din ang epekto ng mga natural na kalamidad na pinalala ng mga tao. Noong dumating ang bagyo noong 2004, tinatayang 500,000-katao ang lumikas sa ilang bayan sa Hilagang Quezon at Gitnang Luzon nang rumagasa ang mga tubig, troso, at putik mula sa mga nakalbong kabundukang gawa ng walang habas na pagputol ng puno. Ang kahalintulad na trahedya ay naganap sa Surigao at Mindoro Occidental sa sumunod na taon.



# Paano Naapektuhan ng Paglikas ang Kalagayang *Psychosocial* ng mga IDPs?

**KAPAG ANG MGA** tao o pamilya ay nahaharap sa isang panganib at napilitang lumikas, sila ay naihihiwalay sa kanilang tahanan at kabuhayan, at kung minsan, ay sa kanilang mahal sa buhay. Ang ganitong sitwasyon ay nakasisira sa pangkaraniwang mapayapang pamumuhay ng tao. Ang kanilang karapatan sa kabuhayan, karapatang pangkultura at karapatang panlipunan ay nababale-wala. Ito kadalasan ay nagdudulot ng pagkalito nila sa kahulugan ng kanilang buhay. Nagbibigay rin ito ng dagdag na pabigat dahil sa napupwersa silang umangkop sa bago nilang kalagayan sa gitna ng kahirapang dulot ng kanilang paglikas.

Higit na matindi ang epekto ng paglikas sa mga taong nasaktan o naharap sa tiyak na kapahamakan. Apektado rin sila kung sila ay namatayan ng kamag-anak, nasira ang kanilang kabahayan at nawasak ang kanilang kabuhayan dahil sa digmaan o kaguluhan.



Ang paglikas ay nagbubunga rin ng malalim na sugat sa isip at damdamin. Ang mga kabataan, lalo na ang mga naulila ay bulnerable. Sa kanilang pwersahang paglayo sa kanilang tahanan at komunidad, ang mga bata ay hindi nakapag-aaral o nalalayo sa kanilang mga kaibigan at halagang hayop na mahalaga sa kanilang maayos na paglaki. Sa mga *evacuation centers*, higit na nahaharap sila sa panganib ng malnutrisyon, sakit at kaguluhan ng paligid. Ang bagsik ng digmaan na kanilang naranasan ay maaaring magtanim sa kanilang murang kaisipan ng ideya na ang mundo ay isang lugar na marahas, sa halip na isang mapag-kalingang kapaligiran. Kaya naman, sa kanilang paglaki ay maaaring matutunan nila ang isang kultura ng karahasan at kawalan ng tiwala sa kapwa, na siya namang maaaring maging mitsa ng walang tigil na kaguluhan.

At kahit na sila ay makabalik na sa kanilang lugar, maaari pa ring magpatuloy ang lamat sa damdamin at isipan, at maging sa relasyon ng mga tao sa komunindad. Maaari silang makitaan ng kawalan ng tiwala sa sarili at sa kapwa, maging mapaghinala, at panghinaan ng pananalig sa kapayapaan at sa hinaharap.

## Ano ang Tungkulin ng Gobyerno sa Kalagayan ng Pwersahang Paglikas?

**ANG PINAKAMAINAM** na paraan upang harapin ang sitwasyon ng sapilitang paglikas ay iwasan ang mga kundisyon na nagtutulak sa mga tao na iwanan ang kanilang mga tahanan na labag sa kanilang kalooban. Kung ang pamahalaan at ang iba pang institusyon sa lipunan ay may paggalang sa karapatang pantao at sa internasyunal na makataong batas, ang pag-iral ng sapilitang paglikas ay maaaring mabawasan ng malaki.

Kahit sinong pamahalaan ay may responsibilidad sa mamamayang nagluklok sa kanya at kanyang nasasakupan. Ang pangunahing tungkulin na isakatuparan ang kaligtasan, kapakanan at kalayaan ng mga tao ay nakaatang sa pamahalaan. Ang prinsipyong ito ay malinaw na nakasaad sa deklarasyon ng karapatang pantao at sa internasyunal na batas na makatao. Walang pamahalaan na nagsasabing siya ay karapat-dapat ang tatanggi sa kanyang obligasyon na pangalagaan at isakatuparan ang karapatang pantao ng kanyang nasasakupan., Kaya naman, ang mga batas, patakaran at kaayusan na dapat umiral sa isang bansa ay kailangang tumutugon sa pangangailangan ng mga mamamayan nito.

Ang Konstitusyon ng Pilipinas ay nagtataglay ng maraming probisyon na nagtataguyod ng karapatang pantao. Bilang "pinakamataas na batas sa bansa," inaatasan nito ang pamahalaan na tiyakin ang proteksiyon nang mga indibidwal at kolektibong karapatang pantao ng kanyang mamamayan. Ang pamahalaan ng

**Kahit sinong** pamahalaan ay may responsibilidad sa mamamayang nagluklok sa kanya at kanyang nasasakupan. Ang pangunahing tungkulin na isakatuparan ang kaligtasan, kapakanan at kalayaan ng mga tao ay nakaatang sa pamahalaan. Ang prinsipyong ito ay malinaw na nakasaad sa deklarasyon ng karapatang pantao at sa internasyunal na batas.



**Bilang pagsunod** sa mga kasunduan at deklarasyong ito, ang pamahalaan ng Pilipinas ay may natatanging obligasyon na pairalin ang mga kundisyon para sa proteksiyon ng karapatan ng kanyang mamamayan, kabilang rito ang mga biktima ng sapilitang paglikas sa loob ng bansa...Sa alinmang desisyon na magdudulot ng sapilitang paglikas ng mga tao, dapat alamin at subukin ang lahat ng maaaring alternatiba para maiwasan ang paglikas.

Pilipinas ay lumagda din sa *Universal Declaration of Human Rights* (UDHR), *International Humanitarian Law* (IHL), *International Refugee Law, International Covenant on Civil and Political Rights, International Covenant on Economic, Social, and Political Rights*, at iba pang pandaigidigang kasunduan.

Bilang pagsunod sa mga kasunduan at deklarasyong ito, ang pamahalaan ng Pilipinas ay may natatanging obligasyon na pairalin ang mga kundisyon para sa proteksiyon ng karapatan ng kanyang mamamayan, kabilang rito ang mga biktima ng sapilitang paglikas sa loob ng bansa.

Sa alinmang desisyon na magdudulot ng sapilitang paglikas ng mga tao, ang mga kinauukulang awtoridad ay may tungkulin na alamin at subukin ang lahat ng maaaring alternatiba para maiwasan ang paglikas. Kung walang ibang paraan, kinakailangan na ang lahat ng maaaring hakbang upang maiwasan ang hindi kanais-nais na epekto ng paglikas ay maiwasan o mabawasan.

Ang mga awtoridad na may kinalaman sa paglikas ng mga tao ay inaasahan na, sa abot ng sukdulang makakaya, ay magkaloob ng mapagkakanlungan ng mga nagsipaglikas kung saan mapangangalagaan ang kanilang kaligtasan at matutugunan ang kanilang pangangailangan sa pagkain, kalusugan, at kalinisan, at maiiwasan ang pagkakahiwa-hiwalay ng mga kasapi ng pamilya. Ang mga estado ay mayroon ding pananagutan na protektahan mula sa pagtataboy ang mga katutubong mamamayan, mga minoridad, mga



magbubukid, mga pastol at iba pang grupo na may natatanging pangangailangan at kaugnayan sa kanilang lupain.

Sa alinmang pagkakataon, ang pamahalaan ay hindi dapat na utusan o pilitin ang mga IDPs na bumalik at manuluyan sa mga lugar na magpapahamak sa kanilang buhay, kaligtasan, kalayaan, o kalusugan. Ang mga awtoridad ay may responsibilidad din na tulungan ang mga IDPs na mabawi ang kanilang mga pag-aari na napawalay sa kanila o kaya ay nasira dahil sa operasyong militar, o 'di kaya ay makakuha sila ng kaukulang kabayaran kung maaari.

## Ano ang *United Nations Guiding Principles on Internal Displacement (UNGPID)?*

**BAGAMA'T ANG SAPILITANG** paglikas ay umiiral na sa maraming bansa sa napakahabang panahon, ito lamang mga nakaraang taon nagkaroon ng seryosong atensiyon sa bagay na ito. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tanging ang mga *refugees* lamang na tumatawid sa ibang bansa ang pinagkakalooban ng legal na proteksiyon sa ilalim ng *International Refugee Law.*

Bilang tugon sa panawagan ng *UN Commission on Human Rights* (UNCHR) na kilalanin din ang kritikal na kalagayan ng mga IDPs, ang *UN Representative on Internally Displaced Persons* ay naghain ng mga alituntunin na kumikilala sa mga karapatan at pangangailangan ng mga IDPs. At sa ika-54 na sesyon ng UNCHR noong 1998, ang *UN Guiding Principles on Internal Displacement* (UNGPID) ay tinanggap ng iba't ibang ahensiya ng UN at mga NGOs na sangkot sa usapin ng sapilitang paglikas sa loob ng isang bansa.

Sa ngayon, ang UNGPID ang itinuturing na dokumento na kumikilala ng pinakamalawak sa mga karapaan ng IDPs. Binibigyang



linaw nito ang mga tungkulin ng pamahalaan at mga pribadong ahensiya sa mga sitwasyong may sapilitang paglikas sa loob ng isang bansa. Higit sa lahat, inihahanay nito ang mga karapatan ng mga IDP hinggil sa:

- ☑ Proteksiyon laban sa arbitraryo o walang-pakundangan na pagtataboy ng mga tao
- ☑ Proteksiyon sa panahon ng aktuwal na paglikas
- ☑ Katiyakan sa ligtas na pagbabalik, muling pagtatayo ng komunidad at malayang pakikisalamuha at pamumuhay ng mga IDP
- ☑ Katiyakan sa makataong tulong o *humanitarian assistance*

Bagama't ang UNGPID ay isang kalipunan ng mga alituntunin at hindi isang internasyunal na batas, ito ay hinango buhat sa iba't ibang pandaigdigang deklarasyon at kasunduan na sinang-ayunan na ng pamahalaan ng Pilipinas. Ang mga prinsipyo at alituntuning ito ay hango sa mga legal na dokumento tulad ng *United Nations Charter, Universal Declaration on Human Rights, International Covenant on Civil and Political Rights, International Covenant on Economic, Social, and Cultural Rights, International Humanitarian Law, Protocol II to the Geneva Conventions of 1949, Convention on the Rights of the Child, Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women, Convention Against Torture.*



# Rekomendasyon ng *UN Representative on Internally Displaced Persons* sa Pamahalaan ng Pilipinas

**SA PAANYAYA NG** pamahalaan ng Pilipinas, ang *Representative of the Secretary-General on Internally Displaced Persons* na si Francis M. Deng ay nagsagawa ng opisyal na pagdalaw sa bansa mula 6-14 ng Nobyembre nang 2002. Ang layunin ng kanyang misyon ay magkaroon ng mas mabuting pag-unawa sa sitwasyon ng panloob na paglikas sa Pilipinas. Nakipag-usap sila sa pamahalaan, mga IDPs, mga kinatawan ng *civil society* at mula sa tanggapan ng United Nations sa Pilipinas, at iba pang katuwang mula sa ibang bansa.

Pinag-usapan nila kung papaano mapapahusay ang pagtugon ng pambansang awtoridad at ng internasyunal na ahensiya sa usapin ng mga paglikas ng mamamayan sa loob ng bansa. Napag-alaman ng kinatawan ng UN na bagama't may ilang patakaran at alituntunin na ang pamahalaan para tugunan ang karapatan ng mga nagsilikas, malaki pa rin ang agwat para maramdaman ang lubos na pagpapairal ng mga patakaran at programang ito. Dahil dito ay binalangkas ng UN Representive ang sumusunod na rekomendasyon:

1. **Isakatuparan ang mga patakaran ng pamahalaan hinggil sa usapin ng sapilitang paglikas sa pamamagitan ng pagsasagawa nito ng aktuwal at makatotohanan.**
2. **Itatag ang angkop na istruktura at mekanismo para sa koordinadong pagtugon.**
3. **Mangalap ng hinimay-himay na datos hinggil sa populasyong apektado ng internal na sapilitang paglikas.**

4. **Palakasin ang pagsisikap na tugunan ang patuloy na pangangailangan ng mga nagsilikas na komunidad at ng mga pamayanan na nagsibalik.**

5. **Magkaloob ng tulong sa pagbabalik, pananatili sa ibang lugar, o integrasyon sa lokal na populasyon.**

6. **Mabisang tugunan ang mga bagong kaso ng panloob na paglikas.**



7. **Magpalaganap at magkaloob ng mga pagsasanay hinggil sa *UN Guiding Principles on Internal Displacement*.**

8. **Magsulong ng mga hakbangin sa antas ng rehiyon.**

9. **Pasiglahin ang papel, at pag-ibayuhin ang suportang internasyunal, nang mga tanggapan ng United Nations sa Pilipinas.**

10. **Isagawa ang mga pangmatagalang solusyon para matigil ang tunggalian.**



# Balangkas para sa Pambansang Responsibilidad

**ANG RESPONSIBILIDAD** ng mga pamahalaan sa mga IDPs na kanilang nasasakupan ay ang una at pinakatampok na konsepto na tinataglay ng *UN Guiding Principles on Internal Displacement* (UNGPID). Ito rin ay kumikilala sa mga karapatan ng mga IDPs at nagtatakda ng mga gabay para sa mga pagtugong internasyunal at rehiyonal.

Subalit papaano na nga ba sa konkretong hakbang misasakatuparan ang pambansang responsbilidad na ito para sa mga IDPs? Paano masusukat kung ito ay mabisa at epektibo? Paano ito maitataguyod, mapapalakas, o masusuportahan?

**Kinakailangan** ang mga nasusukat na batayan upang masubaybayan ang pamahalaan kung natutupad nila ang kanilang tungkulin o hindi. Para mangyari ito, ang *Brookings Institution-University of Bern Project on Internal Displacement* ay nagbibigay ng mga rekomendasyong pampatakaran sa tanggapan ng *UN Representative on Internally Diplaced Persons.*

Ito ang mga tanong na kinakailangan masagot upang malaman na ang pambansang responsibilidad sa mga IDPs ay naitataguyod. Kinakailangan nito ng mga nasusukat na batayan upang masubaybayan ang pamahalaan kung natutupad nga ba nila ang kanilang tungkulin o hindi. Para mangyari ito, ang *Brookings Institution-University of Bern Project on Internal Displacement* ay nagbibigay ng mga rekomendasyong pampatakaran sa tanggapan ng *UN Representative on Internally Diplaced Persons* na naghanda ng Balangkas para sa Pambansang Responsibilidad. Ang balangkas na ito ay nagtataglay ng

mga sumusunod na salalayan sa pagtugon ng gobyerno sa usapin ng panloob na paglikas.

1. **Pigilan ang paglilikas at iwasan ang masamang epekto nito** — Ang mga estratehiya na makakapigil, kabilang na ang pagtataguyod sa karapatang pantao at internasyunal na batas na makatao, pati na rin ang pagsasagawa ng mga mekanismo para sa maagang babala at mabilisang aksiyon para maprotektahan ang mga populasyong nasa panganib ay lubhang napakahalaga na maisagawa ng mga pamahalaan.

2. **Itaas sa pambansang kamalayan ang suliranin** — Kung ang panloob na paglikas ay magaganap, ang kagyat na pag-amin ng gobyerno sa publiko na ang problemang ito ay nangyayari at ito ay tutugunan ng mga awtoridad ay isa sa mga pangunahing hakbang sa pagsisimula ng epektibong pambansang aksiyon. Nangangailangan din ito ng pagbubuo ng pambansang pagkakaisa hinggil sa isyu at sa pagtulong sa mga apektadong tao, at ang pagkilalang ito ay isang pambansang prayoridad.



3. **Pangangalap ng datos** — Ang pagsasagawa ng makabuluhang patakaran at programa para sa IDPs ay nangangailangan ng kapani-paniwalang impormasyon. Kabilang dito ang bilang, lokasyon, at kalagayan ng mga apektadong sibilyan. Ang mga datos ay dapat na himay-himayin ayon sa edad, kasarian, etnisidad, kalagayang pisikal at iba pang mahahalagang impormasyon na makakatulong sa pagsasagawa ng programa at aksiyon para sa mga IDPs. Ang pagkuha ng mga impormasyon ay dapat na isagawa sa pamamaraang hindi magiging dagdag na pabigat sa kanila. Ito rin ay hindi dapat na maglagay sa kanila sa panganib.

4. **Pagsasanay sa karapatan ng mga IDPs** — Ang mga kinatawan ng pamahalaan ay nararapat na maging mulat sa karapatan ng mga nagsilikas. Mahalaga ito upang magabayan sila sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa pagtulong sa mga IDPs.

5. **Magsagawa ng pambansang legal na balangkas** — Sa maraming bansa sa buong mundo, ang pagkakaroon ng mga batas at legal na alituntunin kaugnay sa sapilitang paglikas ay napatunayang mabisa sa pagtukoy kung sino ang mga IDPs, ano ang kanilang mga karapatan, at ano ang obligasyon ng estado sa kanila. Ang isa ring mabisang hakbang ay suriin ang mga umiiral ng pambansang batas at patakaran at tiyakin na ito ay naaayon sa *UN Guiding Principles on Internal Displacement.*

6. **Magsulong ng pambansang patakaran hinggil sa panloob na paglikas** — Ang hakbang na ito ay natatangi at kaugnay ng pagkakaroon ng kaukulang pambansang batas. Kinakailangan nito ang pagtutukoy at pagtatalaga sa mga kinauukulang tungkulin ng mga pambansa at lokal na departamento, kasama na ang mekanismo para sa kanilang koordinasyon. Magiging mabisa kung ang mga patakaran ay itatalaga nang may konsultasyon at partisipasyon ang mga IDPs.

7. **Magtalaga nang palagiang tagapangasiwa sa usapin ng IDPs** — Ang pambansang tagapangasiwa sa usapin ng IDPs ay makakapag-ugnay at makakapagpadaloy ng koordinasyon sa pagitan ng mga tanggapan ng pamahalaan at mga katuwang na samahan, kagaya ng mga NGOs at mga grupong internasyunal. Maaaring tukuyin para sa papel na ito ang isang ahensiya o kagawaran ng gobyerno. Maaari ring bumuo ng panibagong komite, opisina, o ahensiya upang maging tapag-ugnay at pangasiwaan ang koordinasyon ng iba't ibang sangay ng pamahalaan sa usapin ng IDPs. Maaari rin

**Ang mga** pambansang institusyong pang-karapatang pantao ay kinikilala ng pamahalaan at may impluwensiya sa mga sangay ng gobyerno, kabilang ang sandatahang lakas.

nitong pamunuan ang pagsusulong ng mga aksiyon at estratehiya para sa mas epektibong pagtugon.

8. **Himukin ang mga pambansang institusyong pang-karapatang pantao na isanib ang usapin ng IDPs sa kanilang gawain** — Ang mga pambansang institusyong pang-karapatang pantao ay kinikilala ng pamahalaan at may impluwensiya sa mga sangay ng gobyerno, kabilang ang sandatahang lakas. Ang ilan sa mga hakbang na maaari nilang gawin ay:

- ☑ Subaybayan ang kundisyon ng mga IDPs upang matiyak na ang kanilang mga karapatan ay hindi nalalabag sa alin mang yugto ng kanilang paglikas.
- ☑ Magsagawa ng mga imbestigasyon at dokumentasyon ng mga paglabag sa karapatang pantao; at tulungan ang mga IDPs na makapagpahayag ng kanilang mga hinaing at makakuha ng karampatang tugon mula sa mga awtoridad.
- ☑ Subaybayan ang pagtatalaga ng mga mekanismo ng maagang babala upang maiwasan ang walang batayang paglilikas ng mga mamamayan, at maprotektahan ang kanilang mga karapatan.
- ☑ Pagpayuhan ang gobyerno hinggil sa mga karapatan ng IDPs tungo sa pagkakaroon ng makabuluhang pambansang patakaran kaugnay nang panloob na sapilitang paglikas ng mga tao.
- ☑ Magsagawa ng mga programa sa pag-aral at pagsasanay ng mga awtoridad ng estado, kabilang na ang mga kagawad ng sandatahang lakas; maglunsad ng mga kampanya para mabigyan ng impormasyon ang publiko sa karapatan ng mga IDPs.



9. **Tiyakin ang partisipasyon ng mga IDPs sa pagsasagawa ng desisyon** — Ang mga IDPs ay may karapatang humingi at tumanggap ng proteksiyon at makataong tulong mula sa kanilang gobyerno. Makabubuti kung ang mga IDPs ay magkakaroon ng pagkakataong maipahayag ang kanilang mga pananaw nang walang banta ng panganib o kaparusahan. Ang pag-konsulta sa kanila ay makakatulong sa pagtatakda ng makabuluhang programa para sa kanila.

10. **Suportahan ang pangmatagalang solusyon** — Tungkulin ng gobyerno na pagbutihin ang mga kundisyon para makabalik sa kanilang mga pinanggalingan o kaya ay makapanirahan sa ibang lugar ng boluntaryo, ligtas, at may dignidad ang mga IDPs. Kung ang paglikas ay dahil sa armadong labanan, kinakailangang magtapos muna ang mga putukan at maayos ang mga dahilan ng marahas na tunggalian. Ang mga nakapipinsalang mina ay kailangan ding maalis bago bumalik ang mga IDPs. Ang iba pang mekanismo para sa kanilang proteksiyon ay dapat na maitalaga sa lugar ng kanilang babalikan o permanenteng paglilipatan.

11. **Magtalaga ng sapat na pondo** — Ang pambansang responsibilidad ay nangangailangan ng mga pondo. May mga bansang sadyang nagtalaga ng bahagi ng pambansang badyet para dito. Kung hindi sasapat ang kakayahan at pondo ng pamahalaan, maaari silang makipag-ugnayan sa internasyunal na komunidad para magtulungan.

12. **Pakikipagtulungan sa internasyunal na komunidad** — Kung hindi sapat ang kapasidad ng pambansang awtoridad na tiyakin ang seguridad at kagalingan ng mga nasasakupan nitong IDPs, bahagi ng kanilang responsibilidad na manawagan o tumanggap ng suporta sa ibang bansa at mga internasyunal na samahan. Makakabuti rin na makipagtulungan sila sa mga ahensiya at grupo sa rehiyon sa paghahanap ng matagalang solusyon sa usapin ng IDPs, at sa pagbibigay sa kanila ng proteksiyon at tulong.

## Ang mga Tungkulin ng Pamahalaan ayon sa UNGPID

**Ang mga** pambansang awtoridad ay may pangunahing tungkulin at responsibilidad na magkaloob ng makataong tulong sa mga taong lumikas sa loob ng bansang kanyang nasasakupan.

*LAHAT ng awtoridad at mga sangkot na internasyunal na samahan, grupo at ahensiya ay kailangang tiyakin ang pagtupad sa kanilang obligasyon sa ilalim ng internasyunal na batas, kabilang na ang kasunduan sa karapatang pantao at pandaigdigang batas na makatao.*

Lahat ng awtoridad at mga sangkot na internasyunal na samahan, grupo at ahensiya ay kailangang tiyakin ang pagtupad sa kanilang obligasyon sa ilalim ng internasyunal na batas, kabilang na ang kasunduan sa karapatang pantao at pandaigdigang batas na makatao.

Bago sa anumang desisyon na magdudulot ng paglikas ng mga tao, ang mga kinauukulang awtoridad ay kinakailangan tiyakin na lahat ng posibleng paraan at alternatibo ay kanilang siniyasat upang maiwasan ang ganap na paglikas. At kung sakali at wala ng ibang paraan, lahat ng hakbang ay dapat nilang isakatuparan upang maiwasan ang lubhang kahirapan at pinsalang idudulot sa tao ng kanilang paglikas.

Ang mga awtoridad na nagpapatupad ng paglikas ng mga tao ay kailangang tiyakin na, hanggang maaari, ang





mga lumikas na tao ay may maayos na mapagkakanlungan, at sila ay nasa ligtas na katayuan at may sapat na probisyon ng pagkain, tulong medikal at pangkalinisan. Kailangan ding tiyakin ng mga awtoridad na ang mga miyembro ng pamilya ay hindi magkakahiwa-hiwalay.

Ang estado o pamahalaan ay may partikular na obligasyon na protektahan mula sa pwersahang paglikas ang mga katutubong mamamayan, mga minoridad, magbubukid, pastoralista, at iba pang grupo na may natatanging ugnayan at pangangailangan sa kanilang lupain.

## Karapatan ng mga IDP Laban sa Diskriminasyon


**Ang mga** lumilikas na tao sa loob ng bansa ay dapat magtamasa ng parehong mga karapatan at kalayaan tulad ng ibang mga tao sa kanilang bansa. Sila ay hindi dapat maging biktima ng diskriminasyon. Hindi sila dapat pagdamutan ng tulong at anumang mga karapatan at kalayaan nang dahil lamang sila ay napilitang lumikas mula sa kanilang mga tirahan at komunidad.

Ang mga karapatan ng IDP ay dapat na igalang at kilalanin maging anuman ang kanilang lahi, kulay ng balat, kasarian, wika, relihiyon o paniniwala, pampulitikang paniniwala, katayuan sa lipunan, at edad.

Ganunpaman, ang sinumang IDP na may pananagutan sa batas kaugnay sa mga nagawang krimen at karahasan sa ibang tao o lahi sa panahon ng kanilang paglikas ay kailangang managot dito, sang-ayon sa tinatadhana ng mga batas.

## **Karapatang** manawagan at tumanggap ng tulong

**Ang mga** lumikas na tao sa loob ng bansa ay may karapatang humingi at tumanggap ng pangangalaga at makataong tulong mula sa mga awtoridad. Hindi nila dapat na ikahiya ang paglapit sa pamahalaan para igiit ang kanilang proteksiyon at suporta sa kanilang mga pangangailangan. Walang karapatan ang sinuman na sila ay tugisin o parusahan dahil sa sila ay nanawagan ng atensiyon sa kanilang kalagayan.



## **Karapatan** ng mga kabataan at kababaihang IDP

**Ang mga** bata, lalo na yung mga napahiwalay sa kanilang mga pamilya at walang kasama, ay dapat makatanggap ng pangangalaga at tulong na itinakda ng kanilang kalagayan at sa pagkalinga na nagsasaalang-alang sa kanilang natatanging mga pangangailangan.



Kabilang sa mga IDP na dapat bigyan ng natatanging pansin ng pamahalaan ay ang mga buntis, mga ina na may maliit na anak, mga babaing puno ng tahanan, mga taong may kapansanan at matatanda.

## **Ang** hindi makatuwirang pagtataboy ng mga tao ay hindi pinahihintulutan

**Kung ang** lahat ng awtoridad at mga sangkot na internasyunal na samahan, grupo o ahensiya ay tumutupad lamang sa kanilang obligasyon sa pagtataguyod at pangangalaga sa karapatang pantao at pandaigdigang batas na makatao, marahil ay mas maiiwasan ang pag-iral ng sapilitang paglikas ng mga tao.

Karapatan ng sinuman na mapangalagaan laban sa arbitraryo o hindi makatuwirang pagpapalikas mula sa kanyang tahanan o komunidad. Ang mga awtoridad ay walang karapatan na itaboy ang mga tao sa mga sumusunod na sitwasyon:

> *KARAPATAN ng sinuman na mapangalagaan laban sa arbitraryo o hindi makatuwirang pagpapalikas mula sa kanyang tahanan o komunidad.*

a. Kung ito ay naglalayong pairalin ang diskriminasyon tulad ng *apartheid*, o kaya ay dahil sa patakaran nang paglipol ng isang lahi kagaya ng *ethnic cleansing o genocide*, o kaya ay upang baguhin o wasakin ang nakagisnang katutubong kultura, relihiyon o kaayusang panlipunan ng apektadong pamayanan

b. Karapatan ng mga tao na sila ay mabigyan ng proteksiyon at hindi maitaboy dahil sa mga armadong tunggalian,



maliban na lamang kung mapipinsala ang kaligtasan ng mga sibilyan o hinihingi ng kagyat na kadahilanang militar.

k. Ang mga malakihang proyektong pangkaunlaran ay hindi dapat magresulta sa pwersahang paglikas ng mga tao, lalo na kung ang mga proyektong ito ay hindi mapapakinabangan ng mamamayan.

d. Hindi rin maaaring itaboy na lamang ang mga tao sa panahon ng kalamidad. Maaari lamang silang palikasin kung ang kaligtasan at kalusugan nila ay malalagay na sa panganib.

e. Ang pwersahang paglikas ay paglabag sa karapatang pantao kung ito ay ginagawa ng awtoridad bilang kaparusahan sa mga taong apektado.

## **Alituntunin** sa paglikas kung ito ay hindi na mapipigilan

**Kung ang** paglikas ay makatuwiran at hindi na mapipigilan dahil ito ay kailangan para sa kaligtasan at kabutihan ng mga tao, ito ay hindi dapat tumagal nang higit sa itinakda ng mga kalagayan. Ang mga IDP ay may karapatang ligtas na makabalik sa kanilang mga komunidad



at tahanan sa lalong madaling panahon, makaraang mawala na ang kundisyon na nagtaboy sa kanila.

Bago ang anumang desisyon na palikasin ang mga tao, kailangangn tiyakin ng mga awtoridad na ang lahat ng paraan upang maiwasan ang paglikas ay mapag-aralan. Kung wala nang ibang pamimilian, kailangang gawin ang lahat nang posibleng hakbang upang mabawasan ang masamang epekto ng paglikas sa mga tao.

Sa panahon ng paglikas, tungkulin ng mga awtoridad na tiyakin na ang mga IDP ay nasa ligtas na kalagayan, at may sapat na suporta sa pangangailangan sa pagkain, gamot, kalinisan sa *evacuation centers* at kalusugan. Kailangan ding matiyak na ang mga miyembro ng pamilya ay hindi magkakahiwalay.

> *TUNGKULIN ng mga awtoridad na tiyakin na ang mga IDP ay nasa ligtas na kalagayan, at may sapat na suporta sa pangangailangan sa pagkain, gamot, kalinisan sa evacuation centers at kalusugan... tiyakin na ang mga miyembro ng pamilya ay hindi magkakahiwalay.*

## **Alituntunin** sa paglikas kung hindi kritikal ang kalagayan

**Kung ang** paglikas ay kinakailangan kahit na hindi naman panahon ng kagipitan, armadong labanan o kalamidad, kailangang sundin ng mga awtoridad ang ilang mga hakbang. Mahalaga ito lalo na sa mga sitwasyon ng demolisyon ng mga komunidad ng maralitang taga-lungsod o kaya ay kung papaalisin ang mga katutubo sa kanilang lupang ninuno dahil sa pagpasok ng dayuhang negosyo, tulad ng pagmimina.



a. Kailangang tiyakin ng awtoridad na ang pasya nito ay naaayon sa makatarungang batas.

b. Ang mga apektadong tao ay dapat na mabigyan ng lahat ng nararapat na impormasyon hinggil sa kadahilanan at kung paano sila ililikas ng awtoridad. Kailangan ding magkaroon ng katiyakan sa bayad-pinsala sa mga ari-ariang mawawasak. Kailangang ding may lugar na mapaglilipatan ang mga taong lumikas.

k. Dapat ding konsultahin ng maayos ang mga maaapektuhan at hingin ang kanilang malayang pagsang-ayon.

d. Ang kinauukulang mga awtoridad ay dapat subukang palahukin ang mga apektado, lalo na ang mga kababaihan sa pagplano at pamamahala ng kanilang relokasyon.

e. Ang pagpapatupad ng mga batas, kung kinakailangan, ay dapat isagawa ng awtorisadong tao.

g. Ang karapatan para sa remedyong legal ng mga apektado, kasama ang pag-aapela sa hukuman para pag-aralan ang katumpakan ng pagpapalikas, ay dapat na igalang.



## Ang paglikas ay hindi dapat na lumabag sa iba pang karapatang pantao

**Sa kanilang** paglikas, dapat tiyakin ng mga awtoridad na ang karapatan sa buhay, karangalan at kalayaan ng mga IDP ay hindi malalabag. Tungkulin din ng pamahalaan na maiwasang maitaboy ang mga katutubong mamamayan, mga minorya, mga magsasaka, mga nagpapastol at iba pang mga pangkat na may natatanging pagsalig sa lupa.

Sa panahon ng paglikas, ang bawat tao ay nanatiling may karapatang mabuhay. Ang mga IDP ay dapat pangalagaan laban sa mga sumusunod:

a. Paglipol ng lahi

b. Pagpaslang

k. Walang pakundangang pagpatay; at

d. Mga sapilitang pagkawala, kasama ang pagdukot o ang pagtatago ng tao sa isang piitan ng walang nakaaalam, na naglalagay sa panganib sa kanilang buhay na maaaring humantong sa kanilang kamatayan.

Ang mga pagbabanta at pag-udyok sa isang tao upang gumawa ng alinman sa nasabing mga gawain ay ipinagbabawal. Hindi rin pinahihintulutan ang mga pagsalakay o anumang anyo ng karahasan laban sa mga IDP. Hindi rin sila dapat na piliting sumama sa labanan sa lahat ng pagkakataon.

Ang mga lumilikas na tao sa loob ng bansa ay dapat ipagsanggalang, lalo na laban sa:

a. Tuwiran o walang pakundangang pagsalakay o anumang anyo ng karahasan, kasama ang paglikas sa mga lugar kung saan ang pagsalakay sa mga mamamayan ay pinahihintulutan.

b. Pagkakait ng pagkain bilang paraan ng pakikipaglaban.

c. Paggamit sa kanila upang itago ang mga layuning militar laban sa pagsalakay o itago, ayudahan o pabagalin ang mga operasyong militar.

d. Pagsalakay laban sa kanilang mga kampo o pamayanan.

e. Paggamit ng mga mina.

## **Karapatan** ng mga IDP laban sa karahasan

**Ang lahat** ng tao, lalo na ang mga nasa kalagayan ng sapilitang paglikas, ay may karapatan sa karangalan, moralidad, at mabuting pangangatawan at isipan. Kung kaya nararapat lamang na ang mga IDP ay manatiling ligtas laban





sa panggagahasa, mutilasyon, pagpapahirap, at malupit o di-makataong parusa.

Ang panlalait sa mga IDP, lalo na sa mga kababaihan, ay hindi pinahihintulutan. Lalo na ang pagtutulak sa kanila sa prostitusyon. Paglabag din sa karapatang pantao ang alipinin ang mga IDP, sa ano mang anyo nito, kabilang na ang pagbebenta sa kanila bilang asawa, pagsasamantalang seksuwal, at sapilitang pagpapa-trabaho ng mga bata. Dapat ding magkaroon ng proteksiyon ang mga IDP laban sa mga karahasang naglalayong patindihin ang takot sa kanila.

## **Karapatan** ng mga IDP na manatiling malaya at ligtas

**Ang bawat** tao, maging siya ay IDP, ay may karapatan sa kalayaan at kaligtasan ng katauhan. Walang sinuman ang dapat ipailalim sa hindi makatarungang pagdakip o pagkulong. Hindi sila dapat na gawing bihag. Kung kaya naman, ang mga IDP ay hindi dapat na ibilanggo o pigilin sa isang kampo. Kung ito man ay kinakailangan para sa kanilang kaligtasan, ito ay hindi dapat tumagal ng higit sa hinihingi ng pagkakataon.

## **Karapatan** ng IDP laban sa pwersahang pagsali sa armadong labanan

**Kahit na** ano ang pagkakataon, ang mga batang lumikas ay hindi pahintulutang lumahok sa mga labanan. Ang mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay hindi dapat na piliting maging kasapi ng alinmang armadong pwersa. Dapat silang mabigyan ng proteksiyon laban sa pananakot, pagmamalupit at iba pang anyo ng pagpaparusa kung ayaw nilang maging bahagi ng alinmang armadong grupo.

## Karapatan ng mga IDP na manuluyan sa ligtas na lugar

**Ang bawat** lumikas na tao sa loob ng bansa ay may karapatan na pumili at magpunta sa lugar o tahanan na inaakala niyang malayo sa kaguluhan. Ang pagkilos o paglalakbay ng mga IDP ay hindi dapat na pinipigilan. Sila ay may karapatang kumilos nang malaya sa loob at labas ng mga kampo o ibang pamayanan na kanilang tinutuluyan.

*Tulad ng ibang tao, ang mga IDP, ay may karapatan na maitaguyod ang integridad ng kanilang pamilya. Ang bawat mag-anak ay dapat na mapangalagaan na hindi magkahiwa-hiwalay sa panahon ng paglikas.*

Ang mga IDP ay may karapatan na humanap ng kaligtasan sa ibang bahagi ng bansa. Maaari rin silang magpunta sa ibang bansa at doon maghanap ng kaligtasan.

Kailanman, sila ay dapat maipagtanggol laban sa sapilitang pagbabalik o paglilipat ng pamayanan sa alin mang lugar kung saan ang kanilang buhay, kaligtasan, kalayaan at kalusugan ay nalalagay sa panganib.

## Karapatan ng mga IDP sa proteksiyon sa pamilya

**Tulad ng** ibang tao, ang mga IDP, ay may karapatan na maitaguyod ang integridad ng kanilang pamilya. Ang bawat mag-anak ay dapat na mapangalagaan na hindi magkahiwa-hiwalay sa panahon ng paglikas.

Ang mga pamilya na napaghiwalay ng paglikas ay dapat muling magkasama sa lalong madaling panahon. Lahat ng mga nararapat na hakbang ay dapat gawin ng mga awtoridad para mapabilis ang pagkikita ng mga pamilya, lalo na kung sangkot ang mga bata.



Kung kinakailangan, ang mga awtoridad ay pwedeng makipagtulungan sa mga organisasyong makatao na kumikilos upang magkabalikan ang mga miyembro ng isang pamilya.

Lahat ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay mayroong karapatang malaman ang kalagayan at kinaroroonan ng mga nawawalang kamag-anak nila. Ang mga awtoridad ay dapat na tiyakin ang kalagayan at kinaroroonan ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa na inulat na nawawala, at makipag-ugnayan sa mga internasyunal na organisasyong tumutulong sa ganitong pagkakataon. Anuman ang resulta ng pagsisiyasat ay dapat nilang ipaalam sa pinakamalapit na kamag-anak ng biktima.

Kung ang isang miyembro ng pamilya ay namatay sa panahon ng paglikas, tungkulin ng mga awtoridad na sikaping matagpuan at makilala ang mga labi ng namatay. Karapatan ng isang pamilya na muling maibalik sa kanila sa pinakamabilis na panahon ang mga labi ng kanilang kamag-anak na namatay sa panahon ng paglikas upang ito ay mabigyan nila ng marangal na libing.

Samantala, ang mga libingan ng mga IDP ay dapat na mapangalagaan at mabigyang galang sa lahat ng pagkakataon. Ang kanilang mga kamag-anak ay may karapatang dumalaw sa libingan nila.

## Karapatan ng mga IDP sa sapat na pamumuhay




**Sa panahon** ng paglikas, at maging sa mga evacuation centers, ang mga IDP ay may karapatan sa sapat na pangangailangan para mabuhay, tulad ng:

a. Pagkain at maiinom na tubig

b. Lugar na masisilungan at pabahay

k. Angkop na kasuotan

d. Serbisyong medikal at kalinisan

Ang mga kinauukulan ay dapat na magsikap upang matiyak na ang mga kababaihan ay aktibong kalahok sa pagplano at pamamahagi ng ganitong mga batayang pangangailangan.

## Karapatan ng mga IDP sa pangangalaga sa kalusugan at serbisyong psychosocial

**Lahat ng** sugatan at may sakit na IDP, ganun din ang mga may kapansanan, ay may karapatang tumanggap ng serbisyong medikal at tulong pangkalusugan. Sila ay hindi



dapat na pagkaitan ng karapatang ito ng dahil sa kanilang paniniwala, relihiyon, o lahi. Karapatan din nilang tumanggap ng serbisyo para sa kapanatagan ng kanilang isipan at kalooban at ng kagalingang panlipunan.

Dapat bigyan ng tanging pansin ang pangangailangang pangkalusugan ng mga kababaihan, kasama na ang pagbibigay pagkakataon sa kanila na makinabang sa mga pasilidad na pangkalusugan, tulad ng *reproductive health care centers* at *maternity clinics.*


Ang mga kababaihang biktima ng pang-aabusong sekswal at may mga AIDS ay may karapatan sa psychological processing at counseling.

Ang bawat tao ay may karapatang kilalanin saan man bilang tao sa harap ng batas. Kahit na sila ay nagsilikas, ang mga IDP ay hindi dapat na pagkaitan ng kinakailangang papeles para sa pagtatamasa at pagtataguyod ng kanilang mga legal na karapatan, tulad ng mga pasaporte, mga dokumento na magpapakilala sa kanilang sarili, mga katibayan ng kapanganakan at kasal.

Tungkulin ng mga awtoridad na mabilis na mapalitan ng bago ang mga papeles na nawala sa panahon ng paglikas nang walang ipinapataw na di-makatwirang mga kundisyon, tulad ng pag-aatas sa mga IDP na bumalik sa magulong lugar na kanilang nilisan upang makuha ang mga kinakailangang papeles.

> *KAHIT NA sila ay nagsilikas, ang mga IDP ay hindi dapat na pagkaitan ng kinakailangang papeles para sa pagtatamasa at pagtataguyod ng kanilang mga legal na karapatan, tulad ng mga pasaporte, mga dokumento na magpapakilala sa kanilang sarili, mga katibayan ng kapanganakan at kasal*

Ang mga babae at lalaki ay may pantay na karapatan upang makuha ang mga kinakailangan nilang papeles, kasama na ang mga dokumento na dapat ay nasa sarili nilang pangalan.



## Karapatan ng mga IDP sa kanilang ari-arian

**Walang sinuman** ang maaaring di-makatuwirang pagkaitan ng ari-arian at mga yaman. Ang mga pag-aari ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay dapat mapangalagaan laban sa:

a. Pandarambong

b. Tuwiran o walang piling mga pagsalakay o ibang mga marahas na gawa

k. Paggamit upang ikubli ang mga operasyong militar o layunin

d. Paggamit upang maging puntirya ng pagganti, at

e. Pagsira o paghahati-hati bilang isang anyo ng pagpaparusa

## Karapatan ng mga IDP sa kultura, relihiyon, hanapbuhay at paglahok sa lipunan

**Ang mga** lumikas na tao sa loob ng bansa, sila man ay naninirahan sa loob ng kampo o hindi, ay hindi dapat tratuhin ng may diskriminasyon dahil sa kanilang katayuan



bilang mga IDP. Sa halip, ang kanilang karapatan sa mga sumusunod ay dapat na igalang at itaguyod:

a. Karapatan sa kalayaan sa sariling pananaw, relihiyon o paniniwala, kuro-kuro at pagpapahayag;

b. Karapatan na malayang humanap ng mga pagkakataon para sa hanapbuhay at lumahok sa mga pangkabuhayang gawain;

k. Karapatan sa pantay at malayang pakikilahok sa mga gawaing pang-pamayanan;

d. Karapatang bumoto at lumahok sa pampamahalaan at pambayang gawain; at

e. Karapatang makipag-komunikasyon sa isang wikang kanilang nauunawaan.

## Karapatan ng mga IDP sa edukasyon

**Ang bawat** tao ay may karapatan sa edukasyon. Tungkulin ng mga awtoridad na ipagkaloob, lalo na sa batang lumikas, ang libre at sapat na edukasyon sa pangunahing antas o elementarya. Ang kanilang edukasyon ay dapat na angkop sa kanilang kultura, wika at paniniwala.

Ang mga pasilidad sa edukasyon at pagsasanay ay dapat na nakahanda para sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa, lalo na sa mga nagdadalaga at nagbibinata at kababaihan, hanggat ipinahihintulot ng kalagayan.

Ang lubos at pantay na paglahok ng mga matatanda at mga batang babae sa kanilang mga programang pang-edukasyon ay hindi dapat na ipagkait ng mga awtoridad.

## Karapatan ng mga IDP sa makataong tulong

**Ang mga** IDP ay may karapatan na tumanggap ng makataong tulong (*humanitarian assistance*) ng walang diskriminasyon. Ang mga tulong sa kanila, tulad ng pagkain at gamot, ay dapat nilang direktang mapakinabangan at hindi dapat na malihis para magsilbi sa interes ng pulitika o militar.

Nakasalalay sa mga pambansang awtoridad ang pangunahing tungkulin at responsibilidad na maglaan ng makataong tulong sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa.

*NAKASALALAY sa mga pambansang awtoridad ang pangunahing tungkulin at responsibilidad na maglaan ng makataong tulong sa mga lumikas na tao sa loob ng bansa.*

Ang mga *international humanitarian organizations* at iba pang pribadong samahan na tumutulong sa mga IDP ay may karapatan na maghain ng tulong at paglilingkod sa mga taong lumikas sa loob ng bansa. Ang ganitong pagbibigay ay hindi dapat tingnan bilang isang panghihimasok sa panloob na mga usapin ng isang estado. Ito ay dapat na tanggapin ng pamahalaan, lalo na kung ang mga kinauukulang awtoridad ay walang kakayahan o ayaw magbigay ng kinakailangang tulong na makatao.

Lahat ng kinauukulang awtoridad ay dapat makipagtulungan upang mabilis at malayang makarating sa mga IDP ang makataong tulong.


Ang mga taong kalahok sa pagbibigay ng makataong tulong, ang paglalakbay nila, at ang mga rasyon ay dapat igalang at pangalagaan. Hindi sila dapat maging puntirya ng pagsalakay o ibang porma ng karahasan.



Samantala, ang mga makataong organisasyon at kasapi nito ay dapat na palagiang nagbibigay paggalang sa mga karapatan ng IDP at kumilos na taglay ang gabay na ito. Ang kanilang mga hakbang, programa at gawain ay nararapat lamang na tumutugon sa pamantayan ng karapatang pantao at sa mga alituntunin sa pakikitungo na kinikilala sa buong mundo.

## Karapatan ng mga IDP sa pagbabalik, paglipat ng pamayanan at malayang pakikisalamuha

**Karapatan ng** mga IDP na kusang loob at ligtas na makabalik sa kanilang tahanan at komunidad. Tungkulin ng mga awtoridad na ilatag ang mga kalagayan, ganun din ang paglalaan ng mga pamamaraan, upang maganap ang pagbabalik ng mga lumikas na tao sa loob ng bansa, o 'di kaya ay malaya at kusang loob na lumipat sa ibang bahagi ng bansa.



Ang mabilis na integrasyon at maayos na pakikisalamuha ng mga nagsibalik o nalipat na



mga lumikas na tao sa loob ng bansa ay bahagi rin ng tungkulin ng mga awtoridad.

Ang mga IDP mismo ay dapat na kalahok sa pagpaplano at pamamahala ng kanilang pagbalik o paglipat at pakikisalamuha sa kanilang permanenteng pamayanan.

Karapatan din ng mga IDP na makatanggap ng tulong para sa kanilang rehabilitasyon. Tungkulin at responsibilidad ng mga awtoridad na sila ay matulungan upang sila at ang kanilang komunidad ay makabangong muli at makapagpatuloy ng kanilang normal na buhay na ligtas sa karahasan o kaguluhan.

Ang mga awtoridad ay may tungkulin ding matulungan ang mga IDP na maibalik ang kanilang ari-arian at yaman na naiwan nila o inalis sa kanila nang sila ay nagsilikas. Kung ang pagbawi ng ganitong ari-arian at yaman ay hindi maaari, ang mga may kakayanang awtoridad ay dapat maglaan o tumulong sa ganitong mga tao sa pagkuha ng nararapat na kabayaran o ibang anyo ng makatwirang bayad-pinsala.

Dapat ding makipag-ugnayan at tumulong ang mga awtoridad sa mga makataong samahang intrernasyunal at iba pang pribadong samahan na tumutulong sa mga IDPs upang mabilis at maayos na pagbabalik, paglipat at pakikisalamuha, at rehabilitasyon ng mga taong nagsilikas sa loob ng bansa.



# Mga Pinagsanggunian


1. United Nations Guiding Principles on Internal Displacement
2. Handbook for Applying the United Nations Guiding Principles on Internal Displacement
3. Human Rights and Refugees, UN Fact Sheet No. 20
4. Final Report, Training Workshop on the Guiding Principles on Internal Displacement by the Ecumenical Commission on Displaced Families and Communities (ECDFC), 1998
5. World Refugee Survey (1999)
6. Balitang Balay, Vol. VIII, Jan-July 2000
7. Human Rights Forum, Vol. III No. 2, 1993
8. Human Rights Forum, Vol. VI No. 2, Jan-June 1997
9. Philippine Human Development Report, August 2005
10. Addressing Internal Displacement: A Framework for National Responsibility, Brookings Institution-University of Bern Project on Internal Displacement 2005
11. Legal Protection of Internally Displaced Persons, Atty. Rene V. Sarmiento, November 2000